Paggamot sa*Nifaq*

- Kung ang isang tao ay nagtataglay ng pangit na sakit na ito, una sa lahat dapat niyang isipin ang pinsalang sanhi nito, sa mundong ito pati na rin sa kabilang-buhay. Dapat niyang isipin na ang pagka-mapaimbabaw ay lubusang labag sa likas na pagkakalikha ng Diyos. Dapat pagmuhinan ng kung sakaling siya ay maging kilala sa pagkakaroon ng masamang ugali ng pagiging mapagkunwari, magiging mababa ang tingin sa kanya ng mga tao at nagiging kahiya-hiya sa kanyang kapwa tao.Iiwasan nila na mapabilang sa kanya at sila ay hindi magiging magiliw sa kanya.
- Ang isang tao na nagtataglay ng nifaq ay laging bigong makamit ang anumang gantimpala at matataas na layunin. Kung gayon, kinakailangang ang isang taong may karangalan at dignidad na bigyan ang budhi na linisin ang sarili sa ganitong kahihiyan na sumisira sa karangalan at respeto, at huwag pahintulutan ang kanyang sarili na mabitag sa ganitong kahihiyan.
- Sa kabilang dako, kung saan ang mga lihim na nanatiling lingid mula sa mga mata ng mga tao ay hindi dapat nakatago, doon, siya ay itataas bilang isang pangit na nilalang na mayroong dalawang dilang apoy at paparusahan kasama ang mga mapagpaimbabaw at masamang tao. Samakatuwid, tungkulin ng isang taong may karununngan na makita ang hindi magandang dulot nito at ang pinsala, kapangitan at pagkasuklam, upang mapuksa ang masamang ugaling ito.
- Ang maysakit na ganito ay dapat maging mapagbantay sa kanyang mga kilos at pananalita at dapat din siyang sadyang kumilos ng kusa laban sa kanyang mga kagustuhan, magtaguyod ng pakikibaka laban sa kanyang kalooban at subukang mapabuti ang kanyang panloob at panlabas na itsura, sa pagkilos at pati na rin sa salita. Dapat niyang husgahang mabuti ang kanyang pagkamagiliw at pagkapoot. Dapat siyang umiwas mula sa pagkukunwari, pagkamalambing at pagtatago sa nakasanayang kaugalian, at magsumamo sa Makapangyarihan ng tulungan at gabayan siya sa ganitong panahon upang mapangibabawan niya ang masamang ugali at mga kagustuhan upang sa gayon ay gabayan at samahan siya sa ganitong pinagdadaanan. Ang Kanyang awa at biyaya tungo sa Kanyang mga nilalang ay walang hanggan, at sinumang lumapit sa Kanya na nagnanais baguhin ang kanilang mga sarili, Ipinapaabot Niya ang Kanyang suporta at tulong sa mga ito.
- Kapag ang tao ay matyaga sa pagsasanay na itong mga ilang araw, ang kanyang kaluluwa ay magiging dalisay at ang kalawang ng pakunwaring kabanalan at dobleng-mukha ay aalisin mula dito. Ang salamin ng kanyang puso at ang kanyang mga panloob na pagkatao ay malilinis sa ganitong bisyo at muli ay handa na upang makatanggap ng mga pabor at bendisyon ng Tagapagbigay. [Inangkop mula sa, Al-Khumayni, Apatnapung Hadith, kabanata 9, p. 187-96]

Konklusyon:

- Si Propeta Muhammad (s)ay nagsabi: "May tatlong palatandaan na kapag natagpuan sa sinuman ay maituturing na mapagpaimbabaw kahit siya ay nag-aayuno at nagdarasal at inaakala niyang isa siyang Muslim: Kapag siya ay pinagkakatiwalaan, siya ay hindi tapat, kapag siya nagsasalita , siya ay nagsisinungaling at kapag siya ay nangako hindi nya ito tinutupad "[AlKulayni, alKafi, Tomo.2, pahina. 290, hadith # 8]

Upang malaman ang higit pa tungkol sa tunay na Islam, bisitahin ang:
http://www.al-islam.org/

Kapag lumapit sa iyo, O Muhammad, ang mga mapagkunwari at kanilang sinabi: Tumitestigo kami na sa katunayan na ikaw ay Sugo ng Allâh. Ganap na nababatid ng Allâh na ikaw ay Kanyang Sugo, at ang Allâh ay tumitestigo na ang mga mapagkunwari ay nagwiwika ng paimbabaw.
(Quran, 63: 1)

Si Imam Ja'far al-Sadiq (a) ay nagwika: "Sinumang nakikipagkita sa mga Muslim na mayroong dobleng mukha at mayroong dobleng dila, sa Araw ng Paghuhukom siya ay darating ng may dalawang apoy na dila "
(Al-Kulayni, Al-Kafi (Akhundi), tomo 2, pahina 343)

Karamdaman ng kaluluwa....

Pakunwaring Kabanalan

(nifaq)

Pagkukunwari o pagkakaroon ng dobleng mukha ay masamang katangian ng taong nagpapanggap sa kanyang panlabas na kaanyuan at ginagawa ang pag-uugali na salungat sa kanyang panloob na estado. Halimbawa, maaari siyang magpakita ng impresyon ng pagkikipag-kaibigan at pagmamahal at magpanggap na matapat at madamayin, o ipinapakita na tila sumusunod sa paniniwala o pananampalataya, subalit sa kanyang puso ay kasalungat ng mga ito ang kanyang saloobin. Tulad ng isang tao na nagpapakita ng simpatiya at pagkakaibigan sa harap ng mga tao, ngunit iba o kasalungat ng ganitong ugali pala kapag wala na ang mga tao. Ayon sa Islamikong pag- aaral, ang pakunwaring kabanalan ay itinuturing na isang malalang moral na bisyo. Ang impormasyon sa babasahing ito ay nagbibigay liwanag sa iba't ibang mga uri at grado ng pakunwaring kabanalan, ang mga masasamang epekto at kung paano magagamot.

Pangunahing Uri ng *Nifaq*

- ***Nifaq* sa Pag-uugali**: Kapag ang panlabas na kaanyuan ng tao ay magiliw, na nagbibigay ng impresyon ng pagiging maawain , nagbibigay suporta at taos-puso ngunit ang katotohanan ay kasalungatan ng mga ito ang nasa kanyang puso.
- ***Nifaq* sa Pananalita**: Ang estado ng pagiging dobleng-dila ay kapag ang isang tao ay pumupuri at nambobola sa isa pang tao o mga tao sa harapan ngunit tumutuligsa sa kanya o sa kanila at nagsasalita ng paninirang puri sa kapag wala na ang mga ito.

Antas at Uri ng *Nifaq*

- Isa sa mga uri ng nifaq ay ang doble-kara at doble-dila na nifaq sa Allah ang Makapangyarihan sa lahat, ang mapagbigay at ang maalaga, na kung saan ang isang tao ay maaaring pahirapan sa mundong ito ngunit hindi niya ito nababatid.Inaangkin niya na mayroon siyang pananampalataya sa Kaisahan ng Diyos sa kanyang tanang buhay, nagkukunwaring Muslim at tunay na mananampalataya,at kahit na magsumigasig na angkinin ang Kanyang pag-ibig. Gayunpaman, ang kanyang panloob na katangian ay hindi sumasang-ayon sa kanyang panlabas na anyo at pananalita.
- Ang Nifaq ay maaaring may kaugnayan sa relihiyon ng Diyos, minsan ay may kinalaman sa kabanalan, minsan ay patungkol sa matuwid na gawa at banal na seremonya, at minsan naman ay sa ordinaryong pang-araw-araw na buhay at pangkaraniwang kagandahang asal. Gayundin, minsan ay maaaring ang isang tao ay kumilos ng may nifaq sa paggalang sa Propeta (s) sa mga ang Imams (s) at minsan naman ay sa awliya '[kaibigan ng Diyos], ang mga iskolar at mga mananampalataya. Minsan maaari ding ang isang tao ay kumilos ng may Nifaq sa mga Muslim at kung minsan naman ay sa iba pang mga nilalang ng Diyos na nabibilang sa ibang mga komunidad at pananampalataya.
- Ang Nifaq ay maaaring ipakita ang sarili sa iba't ibang mga paraan na tumutukoy sa katayuan ng tao na nagtataglay ng nakamamatay na sakit na ito. Para sa pangkaraniwang tao, maaari itong makita sa pagmamalaki tungkol sa pananampalataya sa Islam, katapatan sa pananampalataya at kabanalan.Para sa ulama [pantas] at batas, ang pagpapanggap sa pinakamataas na antas ng katapatan (ikhlas) at pag-angkin sa Wilayah at sa khilafah ng Propeta (s). Para sa mga pantas ng pilosopiya at ng agham, ang pag-angkin sa pagkakaroon ng tunay na pananampalataya at kaalaman na batay didaktibong katibayan. Para sa mga mistiko at mga taong nagsasagawa ng 'irfan, na nang-aangkin ng mistikong kaalaman, lubos na kaligayahan sa pag-ibig, estado ng paglipol sa Diyos at pamamalagi sa pamamagitan Niya (fana' fi Allah, baqa' bi Allah) at Kanyang binigyan ng autoridad (wilayat al-amr), Habang ang saloobin sa lahat ng mga nabanggit na sitwasyon ay hindi sumusunod sa kung anomang pag-aangkin ng dila at pag-uugali ng tao.

Ilang mga palatandaan at nakakasirang resulta ng *Nifaq*

- Pagbibigay sa sarili ng karapatang manggipit at manakit sa mga nasasakupan, at hindi kailanman nag-alinlangang maging sanhi ng kagipitan o kaya ay lumikha ng mga problema sa kanila hindi lamang pananakit sa mga kilos kundi pati na rin pananakit gamit ang sandatang dila, sa pamamagitan ng paggamit ng mapanirang salita ng harapan, o kaya ay kapag sila ay wala, sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng kanilang mga lihim, sa pamamagitan ng paninirang-puri sa kanila at paglikha ng mga maling paratang laban sa kanila. Sa gayon bilang isang Muslim kung saan ang sinumang Muslim ay dapat maging ligtas sa kanyang mga kamay at pananalita ,ang kanyang pag-angkin ng pagmamalasakit sa Islam ay sumasalungat sa katotohanan, at ang estado ng kanyang puso at ang kanyang mga pagkilos ay kasalungatan sa kanyang mga pahayag bilang isang Muslim
- Pagpapasakop at pagpapakumbaba sa harap ng mga tao. Iniidolo ang tao at itinuturing sila na mas malakas, maimpluwensya at mas mayaman kaysa sa Diyos. Ito ay salungat sa ipinapahayag ng isang tao na ang Diyos ay Makapangyarihan at karapat dapat na sambahin. Kung ang panlabas na kaanyuan ay tunay na sumasalamin sa katotohanan gaya ng kanyang kalooban , hindi siya matatakot sa mga tao o naiimpluwensyahan ng kayamanan ng mga ito o kapangyarihan at walang kakatakutan maliban sa Diyos.
- Pagiging mapagkumbaba, pagkatakot at pagsuko sa mga hinaharap na kalamidad, ngunit hindi nagbibigay atensyon sa totoong Makapangyarihang Diyos, ang Unang Sanhi. Habang nasa ganitong estado ng pag-iisip, ay nagpapahayag ang pananampalataya sa Kaisahan ng Diyos.Sa ganitong kalagayan, ang isang indibidwal ay dayuhan sa komunidad ng mga mananampalataya, at nabibilang sa pangkat ng mga mapagpaimbabaw at may dobleng-dila at muling mababuhay kasama nila**.**
- Nais makarinig ng papuri na si ganito o si ganoon ay isang banal na tao o isang talentadong tao at nagpapahayag ang kagalakan kapag may isang taong nag-sabi na tulad ng ganoong bagay at nalulungkot kapag ang kabaligtaran ang nangyari.Kung ang isang tao ay talagang naniniwala at magpahayag na ang lahat ng papuri ay para sa Diyos, ang Makapangyarihan, at ang lahat ng kanyang katangian ay regalo ng Diyos na ipinagkaloob sa kanya, sa makatuwid ang ganitong pag-uugali ay sumasalungat sa kanyang pahayag na ang lahat ng papuri ay para sa Diyos at siya ay kulang ng katapatan sa Diyos bilang Lumikha at bilang Nagkakaloob.
- Masigasig na mapabilang sa samahan ng mayayaman, masagana, hari, pinuno at matataas na tao, at tumututol na mapasama sa mahihirap at maralita. Sa ganitong kalagayan, ang paniniwala ng taong ito sa Nag-iisang Diyos at kabanalan ay hindi tunay. Ang kanyang banal na gawain at pangingilin ay para sa kapakanan ng mundo at hindi siya matapat na nakatuon sa Diyos.

Ang karamdaman ng *Nifaq* – Ang Dayalogo

- O ikaw na nang-aangkin na nagtataglay ka ng pananampalataya sa Diyos, sa Kanyang mga Propeta at sa kabilang buhay! Kung ikaw ay isang tunay na mananampalataya, hindi ka dapat maging mapayapa ng panandalian bagay sa mundong ito at dapat ay ginugugol mo ang bawat sandali ng iyong buhay sa pagtatatag ng buhay na walang hanggan. Marapat na iyong naisin ang magkubli sa mundo at sa panunukso nito. Kung talagang naniniwala ka sa parusa , kadiliman at malubhang kakaharapin at kung ano ang naghihintay sa mga taong gumawa ng masasamang mga gawain at nagtataglay na pagmamahal para buhay sa mundong ito, kung gayon bakit hindi ka lumantad at magpahayag? Bakit ang pagkilos ay sumasalungat sa iyong mga salita at hitsura? Bakit hindi mo isipin ang tungkol sa paglalakbay ng kamatayan, na puno ng panganib? Ang mga araw mo ay nakaraan na, gayon pa man hindi mo pa isinusuko ang iyong kasakiman at kagustuhan. Ang oras ng iyong kamatayan ay papalapit na , ngunit ikaw ay patuloy sa mabisyong gawain at hindi makawala sa iyong hindi kanais-nais na pag-uugali.
- O Diyos, gisingin mo kami mula sa aming mahabang panahon ng malalim na pagkaidlip, at ibalik kami sa katinuan mula sa kalagayan ng pagkalango at kawalan ng malay-tao. Tanglawan ang aming mga puso ng liwanag ng pananampalataya at kahabagan kami. Kami ang iyong mga mahihina at mapagpakumbabang mga nilalang. Ikaw mismo ang sumaklolo sa amin at iligtas kami mula sa kuko ng Diyablo, para sa kapakanan ng Iyong napiling tagapaglingkod, Muhammad (s) at ng kanyang mga dalisay na supling,sa pamamagitan nilang lahat na may basbas ng Diyos.